


Lilipat na ang KIBOU sa Abril 2027 sa bagong lugar. Ito na ang huling taon dito sa Accty Nishio

2026 年度西尾市外国にルーツをもつ子どもに対する就学支援事業
社会福祉法人せんねん村
（フィリピノ語版） 2026 年 4 月版

# Korporasyon ng kapakanan ng panlipunan Sen -nen mura

# Tabunka room 多文化ルーム KIBOU

TABUNKA ROOM KIBOU ay isang klase na sumusuporta sa mga bata at Kabataan (5 hanggang 18 taong gulang) na nakatira sa NISHIO city galing sa ibang bansa. Sinusuportahan namin ang mga batang hindi pumapasok sa paaralan, *HOIKUEN* (nursery), *YOUCHIEN* (kindergarten) at mga estudyante sa elementarya at junior high school na gustong matuto ng wikang3 hapon. Kasama dito ang mga gustong pumasok sa high school na 15 taong gulang pataas. Pasisimulan na ang *BOGO* class (mother tongue) sa Wikang Tsino, Wikang Portuges, Wikang Vietnam at Wikang Espanyol.
Ang mga guro ay nakatapos ng kurikulom ng wikang hapon at may lisensiya.



Ang mga kagamitan at paligid sa pag-aaral ay pinapanatiling malinis.

## Suporta sa wika

**(Tumutulong sa pagbabasa sa mga aralin at sa pagsulat ng aplikasyon ngunit hindi interpreter para sa mga proseso ng batas at ospital)**

**Wikang Portuges (Martes~Sabado)**

**Wikang Indonesia (Martes~Biyernes、Linggo)**

**Wikang Filipino （Linggo）**

**Wikang Vietnam （Martes~Sabado）**

**Wikang Espanyol （Martes～Sabado）**

**Wikang Tsino （Martes～Sabado）**

**Madaling wikang Hapon (Martes~Linggo)**




*SHAKAI FUKUSHI HOUJIN SEN NEN MURA*
***TABUNKA* room KIBOU**
〒445-0837
*AICHI-KEN, NISHIO-SHI TSURUGASAKI CHO 6-2 AKUTI NISHIO* 3rd floor
TEL: (0563) 77- 7457
FAX: (0563) 77- 0046
📱: 070-1295-4734 (KIBOU)
📱: 090-9153-5915 (Isshiki class at Kira class)
✉: tabunka.room.kibou.2014@gmail.com
Website: https://tabunkakibou.com/
Facebook/Messenger ➡

Bukas ang KIBOU tuwing :
Martes･Miyerkules･Huwebes･Biyernes 9:30am-7:30pm
Sabado 9:00am-5:30pm Linggo 9:00am-4:00pm
**※Sarado ang KIBOU tuwing Lunes**

# Tabunka Room KIBOU CLASS

※Ang pag-aaral sa KIBOU ay, 200 yen ang bayad sa bawat isa sa loob nang isang taon, kasama na ang Accident insurance.

May klase para sa elementarya at high school sa Isshiki class tuwing Martes at Huwebes. Biyernes naman sa Kira

| | Fushugaku class<br>Mga batang 6~15 taong gulang na hndi pumapasok sa school | Fushuen class<br>Mga batang hindi pa pumapasok sa hoikuen/yochien | Kanen class<br>Mga batang 15 ~18 gulang na hindi pumapasok sa school | Shogakusei class<br>Mga batang estudyante sa elementarya | Chugakusei class<br>Mga batang estudyante sa hifgh school |
|---|---|---|---|---|---|
| Araw | Martes～Huwebes | Martes～Huwebes | Martes～Huwebes | Martes～Biyernes | Martes～Biyernes |
| Oras | 9:30-12:00 | 9:30-12:00 | 9:30-12:00<br>1:00 -3:00<br>Pumili kung sa Umaga O Hapon | 4:00～5:30<br>30 minutes 2 beses sa isang linggo<br>Pumili ng araw at oras | 6:00～7:30<br>2 beses sa isang linggo<br>Hahatiin ang kllase ayun sa antas ng grado at pagkakatuto ng wikang hapon |
| Layunin | Ayusin ang life style. Masayang aktibidad at pag aaral ng wikang hapon | Pagdalaw sa bahay,interview,ayusin ang life style,pag aaral ng wikang hapon at suporta sa pagpasok sa paaralan | Layunin ng bata (pagpasok at pagsulong sa mataas na edukasyon) at iba pa na iniayon sa wikang hapon | Pag aaral sa KIBOU gamit ang libro at mga aklat aralin ng paaralan | Paghahanda sa pag-aaral,wikang hapon.Pagsusuri at paghahanda sa pagpasok sa senior high school |
| Bayad para sa pag-aaral | 100yen para sa snacks, isang beses | Walang bayad (para sa insurance lang ang kinokolekta) | 1,000yen isang buwan (kasama na ang insurance) | 500yen isang buwan (kasama na ang insurance) | 500yen isang buwan (kasama na ang insurance) |
| Sogei | Wala | Wala | Wala | Wala | Wala |
| Paraan ng pag apply | Magsusulat ng aplikasyon, insurance at snack | Magsusulat ng aplikasyon at insurance fee +200yen | Magsusulat ng aplikasyon at check sa pamumuhay + 1,000yen | Magsusulat ng aplikasyon ＋500yen | Magsusulat ng aplikasyon ＋500yen |

## ● Bogo class (mother tongue) sariling wika

| Oras | Klase | Bayad | Paano-mag aplay |
|---|---|---|---|
| Sabado ng umaga | Wikang Portuges sa mga bata | Isang buwan 2,000yen (insurance included) | Aplikasyon ＋ Magbayad para sa isang buwan (insurance included) |
| | Wikang Tsino sa mga bata | Isang buwan 2,000yen (insurance included) | |
| | Wikang Vietnam sa mga bata | Isang buwan 2,000yen (insurance included) | |
| | Wikang Espanyol sa mga bata | Isang buwan 2,000yen (insurance included) | |

## ●Weekend class

| Oras | Klase | Bayad | Paano mag apply |
|---|---|---|---|
| Sabado ng hapon | Klase ng Pagbabasa | 500yen bawat buwan (insurance included) | Aplikasyon + bayad sa isang buwan (insurance included) |
| Magsisimula ang Klase sa Taglagas | Oyako Preschool sa mga batang (5 taong gulang)nencho | Insurance fee lamang | Aplikasyon + insurance 200yen |
| Linggo 10:00-11:00 | Wikang Hapon sa mga may edad | 500yen bawat termino (insurance included) | Aplikasyon＋ insurance 500yen (insurance included )＋ level check sa antas ng wikang hapon |

2026 年度西尾市外国にルーツをもつ子どもに対する就学支援事業
社会福祉法人せんねん村
（フィリピノ語版）　2026 年 4 月版

# Sumuko na ba kayo sa pag pasok sa Senior High School dito sa Japan?



**?** Matanda na ako, kaya hindi ako sigurado kung tatanggapin ako sa senior high-school?

➡ Makakapasok kahit anong edad.

**?** Mahal ba ang uniform?

➡ May mga paaralan na walang uniform

**?** Hindi ba ako makakapasok sa senior high school dahil hindi ako nakatapos sa junior high school sa Japan.

➡ Puwede kang mag-apply para sa exam kung nakapag-aral ka sa Pilipinas nang 9 na taon ?

**?** May maitutulong ba sa akin ang pagpasok sa senior high shcool ?

➡ Mas marami kang mapagpipiliang trabaho o kolehiyo.Maraming kumpanya na hindi tumatanggap ng mga trabahanteng hindi naka graduate ng senior high school.

**?** Sinabi ng magulang “magtrabaho ka”. Kaya mahirap pumasok.

➡ May mga paaralan na puwedeng pumasok habang nag-papart time o nagtatrabaho.







## 【*KANENREI* class】


Martes hanggang Huwebes,

9:30am hanggang 12:00pm / 1:00pm hanggang 3:00pm

※ Pwedeng pumili ng Klase sa umaga o klase sa hapon

Puwedeng sumali kung may bakante （2026.Abril～2027.Marso）

# May mga klase din para sa 5～15 taong gulang na hindi pumapasok sa *HOIKUEN* (nursery) o paaralan




## Mga dahilan kung bakit hindi pumapasok ang mga bata sa HOIKUEN/YOCHIEN (nursery) o sa paaralan

《Dahilan ng mga batang 6 na taong gulang na hindi pumapasok sa *HOIKUEN* (nursery)》

★Binabantayan ng magulang ang bata kaya hindi kinakailangan pumasok sa *HOIKUEN*
★Ang ilang mga tao ay may imahe na ang pagpunta sa isang nursery school ay mahal.
★Hindi pa kasi nagdesisyon kung saang paaralan papasok ang bata (sa Japan ba o sa pilipinas)

《Dahilan ng mga batang hindi pumapasok sa elementarya at junior high school》

★Kawawa ang bata kasi hindi niya maintindihan ang wikang hapon.Kaya hindi siya ipinapasok sa paaralan.
★Pumasok sa paaralan noon ngunit tumigil. Wala na siyang mapapasukang paaralan.
★Hindi puwedeng pumasok dahil sa kaniyang relihiyon.Nag-aalala sa mga kinasayan sa sariling bansa at kultura
★Walang problema kahit hindi pumasok sa paaralan dito sa Japan dahil hindi din siya pumasok sa paaralan sa Pilipinas






**【*FUSHUGAKU/FUSHUEN* class】**

Martes hanggang Huwebes,

9:30am hanggang 12:00pm

※Kahit kailan puwedeng makapasok　(2026.Abril～2027.Marso)